Ikaw ba ay isang kinontrata o pansamantalang manggagawa ?

Nagsasalita kami ng iyong wika ☎ 13 1202

Are you a contract or casual worker? - **Filipino**

Kung ikaw ay nag-aplay ng alinman sa mga sumusunod na mga kabayarang pansuporta sa kinikita, maaaring may panahon ng paghihintay bago ka tumanggap ng kabayaran.

- Newstart Allowance
- Youth Allowance
- Austudy
- Sickness Allowance
- Carer Payment
- Special benefit
  (para lamang sa mga may hawak na nahirang na visa)
- Disability Support Pension
  (maliban sa mga kliyente na permanenteng bulag)
- Parenting Payment **o**
- Widow allowance

Kung ikaw o ang iyong kinakasama ay nagkaroon ng isang kinontrata o pansamantalang trabaho sa nakaraang anim na buwan, maaaring may panahon ng paghihintay bago ka tumanggap ng kabayaran. Ang panahon ng paghihintay ay ipinatupad na sa mga pana-panahong manggagawa mula pa noong 1999, at mula ika-20 ng Setyembre 2006, ito ay magiging ipapatupad din sa mga kinontrata o pansamantalang manggagawa.

Ano ang kinontrata o pansamantalang trabaho?

Ang **Kinontratang Trabaho** ay anumang trabahong ginagawa sa ilalim ng isang kontrata para sa isang partikular na gawain at/o panahon, kabilang ang trabahong ipinasa ng isang kontratista.

Ang **Pansamantalang Trabaho** (o pasulpot-sulpot na trabaho) ay isang trabaho na maaaring makuha nang pana-panahon; matatantiya ito kung kailan matatapos o walang patrabaho sa loob ng isang panahon; ang katagalan nito ay mababa sa isang taon at hindi ito nagbibigay ng mga benepisyong katulad ng pagbabakasyon.

Kabilang sa kontrata o pansamantalang trabaho ang:

- trabahong naaapektuhan ng mga regular na pagsasara – tulad ng trabaho sa mga pabrika na pansamantalang itinitigil sa panahon ng Kapaskuhan o para sa regular na pagmamantina
- kahit anong trabaho na palagiang tumitigil at nagsisimulang muli - tulad ng trabaho sa minahan at sa mga industriya ng langis
- hindi tuluy-tuloy na trabaho o trabaho na kung saan maaaring matantiya ang panahon ng kawalanng trabaho
- trabahong pangrilyebo - tulad ng pagrilyebo sa pagtuturo o sa gawaing pangkalusugan
- trabahong pangkonsulta
- kinontratang trabaho, kabilang ang trabahong ipinasa ng isang kontratista
- mga manggagawang pangkalusugan at panggagamot, **at**
- kinontratang trabaho sa larangan ng sining at libangan

Igagawad ba sa iyo ang panahon ng paghihintay?

Hindi igagawad sa iyo ang panahon ng paghihintay kung:

- ang iyong tinatrabaho ay tumagal nang mahigit sa isang taon, **o**
- ikaw ay nakaipon ng mga benepisyo para sa pagbabakasyon noong ikaw ay nagtatrabaho bilang isang kinontrata o pansamantalang manggagawa

Igagawad ang panahon ng paghihintay kung:

- ang trabahong iyong ginagawa ay pasok sa tinutukoy na isang kinontrata o pansamantalang trabaho, **at**
- ang suweldong ibinayad sa iyo mula sa ganitong trabaho ay mas mataas sa Average Weekly Ordinary Time Earnings (AWOTE)*.

Kakalkulahin ng Centrelink kung gaano ka katagal maghihintay bago ka makatanggap ng kabayaran kung igagawad sa iyo ang panahon ng paghihintay.

May ilang mga hindi kabilang sa panahon ng paghihintay, at ang mga ito ay tatalakayin sa interbyu sa pagsalang ng iyong kahilingan.

* Ang Average Weekly Ordinary Time Earnings (AWOTE) ay isang sukatang ginagamit ng Kawanihan ng Estadistika ng Australya para sa mga kinikita ng mga Australyano mula sa pangkaraniwang oras na itrinabaho bawa't linggo. Ang angkop na numero ng AWOTE para sa mga kahilingang inilagak sa taong 2006 ay $1022.60 bawa't linggo para sa isang tao at $2045.20 bawa't linggo para sa mag-asawa. Ang numerong ito ay binabago bawa't taon. Ipinapakita ng mga sumusunod na halimbawa kung papaano kinakalkula ang panahon ng paghihintay.

Gaano katagal ang panahon ng paghihintay?

Depende ito kung magkano ang iyong kinita sa trabaho, at gaano katagal kang nagtrabaho.

Kung ang iyong kinita ay mas mataas sa numero ng AWOTE, maaari kang maghintay nang ilang panahon bago ka makatanggap ng kabayaran.

Ipinakikita ng mga sumusunod na halimbawa kung papaano kinakalkula ang panahon ng paghihintay.

Halimbawa 1

Si Rachel ay nagtrabaho sa otel ng walong linggo. Siya ay nawalan ng trabaho at humiling ng Newstart Allowance. Ang kaniyang kabuuang kinita para sa panahong ito ay $12 288.

Ang panahon ng paghihintay ni Rachel ay kinakalkula ayon sa sumusunod:

Unang Hakbang: kabuuang sahod mula sa trabaho ay hinahati ng AWOTE ($1022.60)
$12 288 ÷ $1022.60 = 12.01 linggo.
(Nangangahulugan ito na si Rachel ay tumanggap ng parehong 12.01 linggo ng AWOTE).

Pangalawang Hakbang: 12.01 linggo – ang walong linggong itinirabaho ni Rachel
= 4.01 linggo

Ang numerong ito ay kinakaltas pababa sa pinakamalapit na buong bilang, na mas mabuti para kay Rachel: apat na linggo.

Kailangang maghintay si Rachel ng apat ng linggo mula nang natapos ang kaniyang trabaho bago siya tumanggap ng Newstart Allowance.

Halimbawa 2

Si Darren ay may-asawa at nagtrabaho sa pagtatayo ng gusali nang 16 na linggo. Wala na siyang trabaho at siya ay humiling ng Newstart Allowance. Ang kabuuang sahod niya para sa panahong ito ay $34 234. Si Julie, ang asawa ni Darren, ay may pansamantalang trabaho sa 'accounts'. Ang kinita niya sa loob ng 16 na linggong nagtrabaho si Darren sa pagtatayo ng gusali ay $9376. Nang matapos ang trabaho ni Darren, ang mag-asawa ay humiling ng Newstart Allowance.

Ang kanilang panahon ng paghihintay ay kinakalkula ayon sa sumusunod:

Unang Hakbang: Pinagsama ang mga suweldo ni Darren at Julie $34 234 + $9376 = $43 610.

Pangalawang Hakbang: Ang sahod ng mag-asawa ay hinati ng AWOTE para sa mag-asawa
$2045.20
$43 610÷$2045.20 = 21.32 linggo

Pangatlong Hakbang: 21.32 linggo – 16 na linggong itrinabaho ni Darren = 5.32 linggo

Ang numerong ito ay kinakaltas pababa sa pinakamalapit na buong bilang: limang linggo.

Si Darren at Julie ay maghihintay nang limang linggo mula sa petsa nang magtapos ang trabaho ni Darren bago sila mababayaran ng Newstart Allowance.

Halimbawa 3

Si Brian ay walang asawa at nagtrabaho bilang isang rilyebong nars nang 26 na linggo. Natapos ang kaniyang trabaho noong anim na linggong nakaraan, nagpapasiyang magbakasyon muna bago humanap muli ng trabaho, at ngayon lamang siya humiling ng Newstart Allowance. Ang kabuuang sahod niya sa panahong ito ay $30 585.

Ang kaniyang panahon ng paghihintay ay kakalkulahin ayon sa sumusunod:

Unang Hakbang: kabuuang sahod mula sa trabaho ay hinahati ng AWOTE ($1022.60)
$30 585 ÷ $1022.60 = 29.90 linggo

Pangalawang Hakbang: 29.90 linggo – ang 26 linggong itrinabaho ni Brian = 3.90 na linggo

Ang halagang ito ay kinakaltas pababa sa pinakamalapit na buong bilang: tatlong linggo.

Ang tatlong linggong ito ay mula nang huling magtrabaho si Brian. **Hindi** na kailangang maghintay si Brian bago siya mabayaran ng Newstart Allowance dahil anim na linggo na ang lumipas mula nang siya ay huling magtrabaho.

Ano ang kailangan mong ibigay sa Centrelink?

Kung ikaw o ang iyong kinakasama ay natapos sa kinontrata o pansamantalang trabaho sa nakaraang anim na buwan bago ka humiling ng kabayaran, kailangang mong kumpletuhin ang isang pormularyo upang mabigyan ang Centrelink ng mga detalye katulad ng:

- anong uri ng trabaho ang iyong (at/o ang iyong kinakasama) ginawa at para kangino
- kailan ka nagsimula at nagtapos
- ang iyong kabuuang kita para sa panahong iyon, at
- mga detalye ng anumang mga binawas na maaari mong hilingin (na pinahintulutan ng Tanggapan ng Pagbubuwis ng Australya (Australian Taxation Office)

Kailangan mo ring magbigay ng pagpapatunay ng impormasyon sa pamamagitan ng mga payslip, libro ng 'account', mga 'group certificate', pahayag ng tinubo at pagkalugi, talaan ng suweldo, pahayag ng bangko, 'timesheet' o isang sulat mula sa iyong tagapag-empleyo.

Kung hindi ka nakatitiyak na maapektuhan ng mga pagbabagong ito o nais ng karagdagang impormasyon, tawagan ang Centrelink. Kung ikaw ay nakararanas ng kagipitan sa pananalapi habang ikaw ay nasa panahon ng paghihintay, o kailangan ng tulong sa pagbabadyet, makipag-usap sa Centrelink.

Kung ikaw ay tagapag-empleyo ng mga manggagawang maaaring maapektuhan, maaari kang hilingan ng Centrelink na magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang trabaho. Pakitawagan ang Centrelink Business Hotline sa **13 1158** kung ikaw ay may anumang mga katanungan.

Pagtatatwa

Ang impormasyong nilalaman ng lathalang ito ay naglalayong maging isang patnubay lamang sa mga kabayarang maaaring makuha.

Ano ang iyong mga tungkulin?

- Tungkulin mong magdesisyon kung nais mong humiling ng kabayaran at gumawa ng aplikasyon, na nagsasaalang-alang ng iyong mga partikular na kalagayan.
- Ang impormasyon ay wasto mula Setyembre 2006, subali't maaari itong magbago.

Mula sa anong petsa babayaran ang mga benepisyo?

Halos lahat ng mga kabayarang mula sa pamahalaan ay ibinibigay magmula sa, o pagkatapos, ng petsa ng aplikasyon. Kaya't kung mas maaga mong mailalagak ang aplikasyon, mas mabilis kang mababayaran.

Ano ang mangyayari kung ikaw ay makitungo sa pangatlong partido?

Maaari kang makitungo sa pangatlong partido na hindi miyembro ng kawani ng Centrelink. Kung ito ay iyong gagawin, pakitandaan lamang na hindi pinahihintulutan ng Centrelink ang mga pangatlong partido na magbigay sa iyo ng impormasyon o payo tungkol sa mga kabayaran.

Kungt nais mong makipag-usap sa Centrelink sa wika liban sa Ingles, tawagan ang **13 1202*.**
Ang impormasyon na nasa iyong wika ay matatagpuan din sa **www.centrelink.gov.au**

* Ang mga tawag sa mga numerong "13" mula sa isang pangkaraniwang serbisyo ng telepono ay maaaring gawin kahit saan sa loob ng Australya na hindi hihigit sa halaga ng isang tawag na lokal (ang singilan sa pagtawag ay maaaring magbago depende sa tagapagbigay ng serbisyong pangtelepono). Ang mga tawag sa numerong "1800" ay walang bayad. Ang mga tawag sa mga teleponong pampubliko at mobile ay maaaring sumingil nang mas mataas na bayad.